Paano Gumagana Ang Contact Tracing

Ang contact tracing ay isang simple, kumpidensyal na proseso na ginagamit ng mga kagawaran ng pampublikong kalusugan nang ilang dekada na upang pabagalin ang pagkalat ng nakahahawang sakit at iwasan ang mga pagsiklab. Magagawa mo ang iyong parte sa pamamagitan ng pagsagot ng ilang mga katanungan kapag tumawag ang Pampublikong Kalusugan.

Kung ikaw ay nasuring positibo sa COVID-19

- **Manatili sa bahay maliban upang makakuha ng pangangalagang medikal at ihiwalay ang iyong sarili mula sa ibang tao hanggang sa:**
  - Hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula ng unang lumabas ang iyong mga sintomas, at
  - Wala kang lagnat sa loob ng 24 na oras, at
  - Ang iyong mga sintomas ay bumuti

- **Ang kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay kokontakin ka para magfollow-up. Mahalagang sagutin ang tawag na ito.**

Itatanong ng Pampublikong Kalusugan:

1. Tungkol sa mga lugar na napuntahan mo.
2. Ang mga taong nakasama mo habang ikaw ay nakakahawa.

- **Ang mga taong sinabi mo sa amin ay kokontakin ngunit hindi sasabihin sa kanila ang pangalan mo o impormasyon ng kontak. Sasabihan din sila na manatili sa bahay para tumulong maiwasan na magkasakit ang ibang tao.**

Kung ikaw ay tatawagan ng Pampublikong Kalusugan, lalabas ito sa telepono mo bilang **LA PublicHealth** o **1-(833) 641-0305**.

www.publichealth.lacounty.gov

(Tagalog)

Kung ikaw ay nagkaroon ng kontak sa isang taong may COVID-19:

- **Manatili sa bahay nang 14 na araw pagkatapos ng huli mong kontak sa taong nagkaroon ng COVID-19.**
- **Ang kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay tatawagan ka para magfollow-up. Mahalagang sagutin ang tawag na ito.**

Itatanong ng Pampublikong Kalusugan:

1. Kung nakakaranas ka ng anumang mga sintomas o kung nasuri ka na.
2. Tungkol sa mga lugar na maaaring napuntahan mo.

- **Upang maiwasan na maihalo ka sa isa pang tao, mangyaring ibigay sa kanila ang iyong kumpleto at tamang impormasyon.**
- **Maaari ka nilang tawagan nang higit isang beses para itsek kung kamusta ka na sa 14 na araw mo sa bahay.**
- **Bibigyan ka nila ng impormasyon sa mga susunod na hakbang depende sa iyong mga sagot.**
- **Bibigyan ka rin nila ng impormasyon sa kung paano ka makakakuha ng mga serbisyo tulad ng pagsusuri para sa COVID-19 o kung paano humanap ng doktor kung wala ka pa nito.**

County of Los Angeles Public Health

8-25-2020